


Ang Taharah *At* *Ang Salah*



جمعية الدعوة بالزلفي

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦ . فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

2

Ang mga Alituntunin sa Tahárah at Saláh

الطهارة والصلاة – اللغة الفلبينية



جمعية الدعوة والإرشاد ونوعية الجاليات في الزلفي

Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

أحكام الطهارة والصلاة
أعدّه وترجمه إلى اللغة الفلبينية
جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي
الطبعة الخامسة عشرة: ٨ / ١٤٤٢ هـ.

ح) شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤١٤ هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

شعبة توعية الجاليات بالزلفي

أحكام الطهارة والصلاة / شعبة توعية الجاليات بالزلفي -
الزلفي، ١٤١٤ هـ

٥٨ ص؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك: ٤٥-٠-٩٠٢٤-٩٩٦٠

(النص باللغة الفلبينية)

١- الطهارة ٢- الصلاة أ. العنوان

ديوي ١،٢٥٢

ردمك: ٤٥-٠-٩٠٢٤-٩٩٦٠

Mga Nilalaman

1.	Gabay saPagbigkas.....	5
2.	Ang <u>Tahárah</u>	7
3.	Ang Najásah.....	7
	A. Ilang Alituntunin Hinggil sa Najásah	8
	B. Mga Paraan ng Pag-aalis ng Najásah	9
4.	Ang Paggamit ng Palikuran	10
5.	Ang Wudú' at ang Pagpupunas sa Medyas.....	12
	A. Ang Wudú'	12
	B. Ang Paraan ng Pagsasagawa ng Wudú'	12
	C. Ang Pagpupunas sa Medyas	15
	D. Ang Mga Nakapagpapawalang-bisa sa Wudú' ...	15
	E. Ang mga Hindi Nakasisira sa Wudú'	16
	F. Ang Walang Tigil na Pagkasira ng Wudú' ...	16
6.	Ang Ghusl	17
	A. Mga Ipinagbabawal sa Junub	18
	B. Kailan Kanais-nais ang Ghusl	18
	C. Mga Kailangan sa Pagsasagawa ng Ghusl	19
	D. Mga Gawaing Kanais-nais sa Ghusl.....	19
	E. Mga Tagubilin sa Pagsasagawa ng Ghusl	20
7.	Ang Regla, ang Nifás, at ang Istihádah.....	20
	A. Ang Regla.....	20
	B. Ang Nifás.....	20
	C. Ang Istihádah.....	21
8.	Ang mga Bawal Kapag May Regla o Nifás	22
9.	Ang Sunanulfitrah	23
10.	Ang Tayammum.....	24
11.	Ang Pagsasagawa ng Tayammum	25
12.	Ang <u>Saláh</u>	26
	A. Ang mga Oras ng <u>Saláh</u> at Bilang ng Rak'ah.....	27

	B. Ang ‘Ibádát at ang Mu‘ámalát.....	28
	C. Bakit Kailangang Magsagawa ng <u>Saláh</u>	29
	D. Ang Kasuutan sa Pagsasagawa ng <u>Saláh</u>	30
13.	Ang Paraan ng Pagsasagawa ng <u>Saláh</u>	31
	A. Ang <u>Saláh</u> sa Fajr.....	31
	B. Ang <u>Saláh</u> sa Maghrib	37
	C. Ang mga <u>Saláh</u> sa <u>Dhuhr</u> , sa ‘ <u>Asr</u> , at sa ‘ <u>Ishá</u> ’	39
14.	Ang mga Dhikr Pagkatapos ng <u>Saláh</u>	41
15.	Ang mga Nakasisira sa <u>Saláh</u>	46
16.	Ang mga Wájib o Kinakailangan sa <u>Saláh</u>	47
17.	Ang mga Rukn o Sandigan ng <u>Saláh</u>	48
18.	Ang Sujúdu ^s sahw.....	49
19.	Ang Nahuli sa <u>Saláh</u>	51
20.	Ang mga Uri ng <u>Saláh</u>	52
	A. Ang Fard na <u>Saláh</u>	52
	B. Ang mga Sunnah Rátibah	52
	C. Ang <u>Saláh</u> sa Jumu‘ah	53
	D. Ang <u>Saláh</u> ng Musáfir.....	54
21.	Ang Pagsasama at ang Pagpapaikli ng mga <u>Saláh</u>	55
22.	Ang Pagsasagawa ng <u>Tahárah</u> ng May-sakit	56
23.	Ang Pagsasagawa ng <u>Saláh</u> ng May-sakit.....	58
24.	Ang <u>Saláh</u> sa Janázah	59
25.	Ang Pagsasagawa ng <u>Saláh</u> sa Janázah.....	60
26.	Ang mga Kahulugan ng mga Panalangin.....	62

Gabay sa Pagbigkas

Ang Transliterasyon ay ang pagbabaybay sa isang alpabe-to, halimbawa ay sa alpabetong Ingles, ng salitang nakasulat sa ibang alpabeto, halimbawa ay sa alpabetong Arabe. Ang gagamitin nating sistema ng Transliterasyon sa aklat na ito ay hindi nangangakong ang lahat ng tunog sa alpabetong Arabe ay matutumbasan nang tumpak. Gayon pa man inaasahang kahit papaano ay makatutulong ito upang mapalapit sa tama ang pagbigkas ng mga kataga at mga terminolohiyang Arabe na gagamitin sa aklat na ito. Ang mga titik arabe na may katumbas sa Tagalog ay hindi na tatalakayin. Ang *digraph* o ang pinagsamang dalawang patanig ay kumakatawan sa isang tunog. Halimbawa ang *ng* at *sh* ay mga tanging tunog at hindi kom-binasyon ng tunog ng *n* at *g*, at *s* at *h*.

ا	a	Maiksing a gaya ng a ng <i>ako</i> at <i>damo</i>
اِ	i	Maiksing i gaya ng i ng <i>ikaw</i> at <i>nila</i>
اُ	u	Maiksing u gaya ng u ng <i>ulan</i> at <i>buto</i>
اَ	á	Mahabang a gaya ng a ng <i>akin</i> at <i>kahoy</i>
اِي	í	Mahabang i gaya ng i ng <i>ibon</i> at <i>dila</i>
اِيُو	ú	Mahabang u gaya ng u ng <i>ulo</i> at <i>puso</i>
ج	j	Gaya ng j ng <i>jack</i> at hindi gaya j ng <i>juan</i>
ز	z	Gaya ng z ng <i>zoo</i> at hindi gaya ng s
ف	f	Gaya ng f ng <i>fan</i> at hindi gaya ng p
ث	th	Gaya ng th ng <i>thin</i> at hindi gaya ng t o s
ذ	dh	Gaya ng th ng <i>that</i> at hindi gaya ng d o z
ش	sh	Gaya ng sh ng <i>ship</i> at hindi gaya ng s

ء ’ Kumakatawan sa impit na tunog (glottal stop) na tulad ng naririnig kapag binigkas ang *basain* at ang *a* ng *hiwa*. Halimbawa: ang **mi’ah** ay babasahin na **mi-ah** at hindi **miyah.**

’ Ginagamit sa paghiwalay sa magkasunod na titik. Halimbawa: ang **as’har** ay babasahing **as-har** at hindi **a-shar.**

- Panugtong ng mga salita. Halimbawa: ang Bismi -lláhi -rrahmáni -rrahím ay idudugtong ang bigkas: Bismi-lláhi-rrahmáni-rrahím.

Ang mga titik na walang katumbas sa Ingles o Tagalog

ع	‘	Hawig sa impit na tunog ngunit higit na maragsa;
خ	kh	Parang pinagsamang k at h ;
ق	q	Parang k ngunit ang dila ay nakaakmang bibigkas ng g
غ	gh	Parang pinagsamang g at h ;
ح	h	Parang h subalit higit na maragsa;
ص	s	Parang s na mariin;
ض	d	Parang d na mariin;
ط	t	Parang t na mariin;
ظ	dh	Parang dh na mariin;

Ang Tahárah

Ang kahulugan ng *tahárah* ay ang kinakailangang kalini-san o paglilinis bago magsagawa ng pagsamba. Tubig ang gina-gamit sa pagsasagawa ng *tahárah*. Ang tubig na ito ay maaaring galing sa ulan, niyebe, balon, bukal, batis, ilog, sapa, lawa, at dagat. Maaari ring gamitin ang tubig na *musta 'mal*¹ sa pagsa-sagawa ng *tahárah* at gayon din ang tubig na nahaluan ng isang bagay na *táhir* at nanatili at hindi nabago ang pagiging tubig. Ang *táhir* ay ang anumang bagay na hindi itinuturing ng Batas ng Islam na marumi o nakapagpaparumi. Ang tubig na nahaluan ng *najis*² ay hindi maaaring gamitin sa pagsasa-gawa ng *tahárah* kapag nabago ng najásah ang lasa o ang amoy o ang kulay ng tubig. Kung wala ang nabanggit na mga pagbabago, maaaring gamitin ang tubig sa pagsasagawa ng *tahárah*. Maaari ring gamitin ang natirang tubig sa lalagyan matapos inuman, maliban sa ininuman ng aso at baboy sapagkat ang tubig na ito ay naging najis na.

Ang Najásah

Ang najásah ay bagay na kailangang iwasan ng Muslim at hugasan kapag nakapitan nito. Kailangang hugasan ang damit at katawan kapag nadiitan o nakapitan ng najásah nang sa gayon ay maaalis ito. Kung ang najásah ay

¹ Ang tubig na nagamit sa pagsasagawa ng *tahárah*. Bagamat ito ay maaaring gamitin, dapat lamang gamitin ito kapag kinapos ng tubig.

² Ang najis ay ang anumang bagay na nagtataglay ng najásah.

nakikita gaya ha-limbawa ng dugo, walang masama kahit may matira mang bakas na mahirap maalis matapos hugasan o labhan. Kung ang najásah ay hindi nakikita, sapat nang ito ay hugasan kahit isang beses lamang.

Ilang Alituntunin Hinggil sa Najásah

1. Kapag nakapitan ng isang bagay na hindi malaman kung ito ay najis o hindi, hindi na kailangang usisain pa ito o hugasan pa.
2. Kapag matapos magsagawa ng saláh ay may nakitang najá-sah sa katawan o damit, ngunit hindi nalaman iyon bago nagsagawa ng saláh o nalalaman nga ngunit nakalimutan, ang saláh ay tanggap pa rin.
3. Kung hindi makita ang kinapitan ng najásah sa damit, ka-ilangang labhan o hugasan ang buong damit.
4. Ang lahat ng uri ng dugo ay najis pati na ang dugo ng regla at nifás (pagdurugo ng bagong panganak). Ang dugo ng mga maliit na insekto gaya ng langaw, surot, at iba pa ay hindi najis. Hindi nagiging najis ang kasuutan o bahagi ng katawan na natalisikan ng mga maliit na patak ng dugo ng tao at hayop.
5. Ang dumi ng tao, ihi, nana, at suka ay najis.
6. Najis ang ihi at dumi ng hayop na bawal kainin sa Islam.³

³ Bagamat ang ihi at dumi ng hayop na ang laman ay pinahihintulutang kainin sa Islam ay hindi najis, itinatugibilin pa ring hugasan ang bahagi ng katawan at kasu-utan na nakapitan nito.

7. Ang *wady* at ang *madhy*⁴ ay kapwa najásah na kailangang hugasan at labhan ang bahagi ng katawan at kasuutan na nakapitan nito. Ang maníy (*semen*) ay *táhir* ngunit mainam na hugasan kapag ito ay basa pa at kuskusin kapag tuyo na.

Mga Paraan ng Pag-aalis ng Najásah

1. **Mula sa katawan at damit.** Hugasan ng tubig hanggang sa walang makitang marumi. Kung mahirap alisin ang lahat ng dumi at may bahagyang bahid na maiiwan sa damit matapos labahan, maaari na ito. Ang halimbawa ng gano-ong bahid na nananatili ay ang mantsa ng mga nilabhang may dugo. Kung hindi alam ang dahilan ng pagkabasa ng kasuutan lalo na sa gabi, hindi dapat mabahala o sumang-guni pa tungkol dito.
2. **Mula sa Lupa.** Ang lupang nagkaroon ng najásah ay ma-giging *táhir* kapag nabuhusan ng tubig. Nagiging *táhir* din ito kapag natuyo ang najásah, kung ang najásah na ito ay likido. Kung ang najásah ay solido, hindi magiging *táhir* ang lupa hanggang hindi ito naaalís.

⁴ Ang *wady* ay likidong lumalabas sa ari ng tao: bata man o matanda, lalaki man o babae. Ito ay kulay puti at kadalasan ay malapot. Karaniwan itong lumalabas matapos umihi o magbuhat ng mabigat. Ang *madhy* ay likidong kadalasan ay malagkit at hindi malapot. Inilalabas ito ng lalaki at babae na nasa wastong gulang sa sandali ng matinding pagnanasang seksuwal.

3. Mula sa Sapatos. Nililinis sa pamamagitan ng pagkuskos ng mga suwelás sa lupa o sa pamamagitan ng pagkuskos ng mga suwelás sa isa't isa hanggang sa walang makitang marumi.

Ang Paggamit ng Palikuran

1. Bago pumasok sa palikuran ay magsabi ng ganito: *bismi -lláh, alláhumma inní a'údhu bika mina -l-khubthi wa -l-khabá'ith.*⁵

بِسْمِ اللّٰهِ، اَللّٰهُمَّ اِنِّيْ اَعُوْذُ بِكَ مِنَ الْخُبُثِ وَالْخَبَائِثِ

- Unahin ang kaliwang paa sa pagpasok sa palikuran. Una-hin ang kanang paa sa paglabas sa palikuran. Pagkalabas ay sabihin ang *ghufrának.*⁶
2. Huwag magdala sa loob ng palikuran ng anumang bagay na may nakasulat na pangalan ni Alláh maliban na lamang kung nangangambang mawawala kapag iniwan sa labas.
 3. Huwag humarap o tumalikod sa Qiblah o dakong kinaro-roonan ng Ka'bah kapag iihi o dudumi sa disyerto o ilang.
 4. Takpan ang 'Awrah (bahagi ng katawan na hindi dapat makita ng ibang tao maliban sa asawa) sa harap ng ibang tao at huwag magpabaya sa bagay na ito. Ang 'Awrah ng lalaki ay mula sa pusod hanggang sa

⁵ Sa ngalan ni Alláh. O Alláh, tunay na ako po ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa masama at mga demonyo.

⁶ Hinihingi ko [Alláh] ang kapatawaran Mo.

- tuhod at ang sa babae naman ay ang buong katawan niya, maliban sa mukha at kamay niya kapag nagsasagawa ng saláh.
5. Mag-ingat na madikitan ang katawan o ang kasuotan ng ihi o dumi.
 6. Linisin ang sarili ng tubig matapos umihi o dumumi, o gumamit ng papel o bato o ibang tulad nito sa pag-aalis ng bakas ng ihi o dumi kung walang tubig. Kaliwang kamay ang gamitin sa paglilinis.
 7. Kailangang panatilihin ang katahimikan sa loob ng pali-kuran. Maaaring magsalita kung kailangan na magbigay ng babala sa iba kung may panganib at iba pa.
 8. Ang mga lugar na karaniwang ginagamit kagaya ng daan, tagpuang lugar o lugar na may lilim na madalas sinisilu-ngan ng madla ay hindi dapat dumihan o ihian.
 9. Higit na mainam na huwag umihing nakatayo lalo na kung ang ihi ay baka tumalsik sa damit;
 10. Kailangang hugasan ang kamay matapos gumamit ng pali-kuran. Kung walang sabon, maaaring linisin ang mga ka-may sa pamamagitan ng pagkuskos ng mga ito sa lupa o sa buhangin.

Ang Wudú' at ang Pagpupunas sa Medyas

Ang Wudú'

Hindi tanggap ang saláh na walang wudú' ayon sa sabi ng Sugo (SAS):⁷ *Hindi tatanggapin ni Alláh ang saláh ng sinu-man sa inyo kapag nawalan ng saysay ang wudú' hangga't hindi siya nagsasagawa ng wudú'*. Ang wudú' ay ang pag-huhugas na kinakailangan upang maging tanggap ang saláh. Kailangan din ang wudú' kapag magsasagawa ng Tawáf (pag-ikot ng pitong ulit) sa palibot ng Ka'bah at kapag hihipuin ang pahina ng Qur'án.

Ang Paraan ng Pagsasagawa ng Wudú'


Ang pagsasagawa ng wudú' ay kailangang ayon sa tak-dang pagkasunod-sunod at tuloy-tuloy. Kailangan magtipid sa tubig.

1. Isapuso ang hangarin na magsagawa ng wudú' at huwag bigkasin. Sabihin ang *bismi -lláh* بِسْمِ اللّٰهِ bago magsimula.
2. Hugasan ang mga kamay nang tatlong beses.
3. Magmumog at isinga ang tubig na ipinasok sa ilong. Gawin ang mga ito nang tigtatatlong beses.

⁷ Sallalláhu 'Alayhi wa Sallam: Basbasan at batiin siya ni Allah. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

4. Hugasan ang mukha nang tatlong ulit hanggang sa magka-bilang tainga at mula sa tinutubuan ng buhok sa noo hang-gang sa dulo ng balbas pababa.
5. Hugasan nang tatlong ulit ang kamay at braso mula sa dulo ng daliri hanggang siko. Magsimula sa kanan at isunod ang kaliwa.
6. Haplusin ang ulo nang isang beses. Basain ang mga kamay. Pagkatapos ay ihahaplos mula sa unahan ng ulo (sa tinutu-buan ng buhok sa noo) hanggang sa hulihan nito (sa tinutu-buan ng buhok sa batok) at ihaplos pabalik sa unahan ng ulo.
7. Hahaplusin nang isang beses ang mga tainga: ipapasok ang mga hintuturo sa butas ng mga tainga habang ang likod ng mga tainga ay hinahaplos ng hinlalaki.
8. Hugasan ang mga paa nang tatlong beses mula sa dulo ng mga daliri hanggang sa bukong-bukong. Magsimula muna sa kanan at saka isunod ang kaliwa.
9. Matapos gawin ang lahat, mainam na bigkasin ang Shahá-datayn: *ash'hadu allá iláha illa -lláh, wahdahu lá sharíka lah, wa ash'hadu anna Muḥammadar rasúlu -lláh.*

How to Perform Wudu



Paalaala: Kailangang maabot ng tubig ang lahat ng bahagi ng katawan na kailangang hugasan sa wudu'. Kailangang alisin ang lahat ng mga bagay na nagsisilbing hadlang upang mada-luyan ng tubig ang bahagi ng katawan na kailangang hugasan o pahiran, tulad ng bagay na tila wax gaya ng *nail-polish* sa kuko. Ito ay maaaring ilagay muli matapos maghugas at hindi kailangang alisin hanggang hindi kailangan ang panibagong wudu'. Isa namang kataliwasan ang bendahe na kapag inalis ay magiging sanhi ng hapdi o sakit o karamdaman o pagkaa-lintana ng paggaling. Sa ganitong kalagayan, hindi na kaila-ngang alisin ang molde o bendahe. Sa halip, maaaring ang ipanghalili ay ang pagpupunas nang bahagya ng basang kamay sa ibabaw ng bendahe. Ang isa pang kataliwasan ay ang pag-pupunas sa medyas.

Ang Pagpupunas sa Medyas

Bilang pagbibigay ng kaluwagan at kagaanan, ipinahintu-lot ng Islam ang pagpupunas sa ibabaw ng suot na medyas sa halip na hubarin at hugasan ang paa. Napatunayang pinahin-tulutan ito ng Propeta (SAS). Ngunit may kundisyon ang pag-pupunas sa medyas: kailangang isuot ito habang hindi pa na-wawala ang bisa ng wudú'. Tuwing magsasagawa ng wudú', papahiran ng basang palad ang ibabaw ng medyas sa halip na hugasan ang paa. Ang ilalim nito ay hindi na papahiran. Ang haba ng panahon na ipinahihintulot ang pagpapahid mula nang unang pahiran ang suot na medyas ay isang araw at isang gabi (24 oras) para sa di-naglalakbay at tatlong araw at tatlong gabi (72 oras) para sa musáfir.⁸ Nawawala ang bisa ng pagpapahid kapag natapos na ang takdang panahon nito o kapag hinubad na ang mga medyas o kapag naging junub⁹ ang nagsuot ng medyas at kailangan nang hubarin ito para maligo.

Ang Mga Nakapagpapawalang-bisa sa Wudú'

Ang lahat ng lumalabas sa labasan ng ihi at dumi ay naka-sisira sa wudú', gaya ng ihi, dumi, utot, maníy, madhy at wady. Kapag maníy (*semen*) na ang lumabas, kailangan

⁸ Naglalakbay. Ang detalye tungkol sa musáfir ay tatalakayin sa pahina 48.

⁹ Tingnan sa pahina 16 ang pagtatalakay tungkol sa junub.

nang mag-sagawa ng *ghusl*¹⁰ Ang mga sumusunod ay nakasisira sa wudú’:

1. Pagkatulog nang mahimbing,
2. Pagsaling sa ari na hindi nahahadlangan ng kasuutan,
3. Pagkain ng karne ng kamelyo,
4. Pagkawala ng malay,
5. Pagsuka.

Ang mga Hindi Nakasisira sa Wudú’

1. Ang pagsaling ng lalaki sa babae o ng babae sa lalaki,
2. Ang pag-agos ng kaunting dugo sa oras ng saláh,
3. Ang pagdududa kung nawalan na ng bisa ang huling gina-wang wudú’ ay hindi nakakasira sa wudú’ kaya’t hindi na kailangan na muling magsagawa ng wudú’.

Ang Walang Tigil na Pagkasira ng Wudú’

Dahilan sa karamdaman, maaaring hindi makayang pigilin ng isang tao ang paglabas sa katawan niya ng bagay na naka-sisira sa wudú’ gaya ng ihi o utot. Kahit sa oras ng saláh ay maaaring hindi niya mapigilan ang paglabas ng mga ito. Ang pangkalahatang kautusan sa ganitong kalagayan ay kailangang linisin niya ang sarili niya at magsagawa kaagad ng wudú’ tuwing bago magsagawa ng saláh. Ang hindi mapigilang pag-labas matapos isagawa ang wudú’ ay mapapatawad kung ang dahilan ay ang karamdaman.

¹⁰ Tingnan sa pahina 15-18 ang kahulugan at ang pagsasagawa ng *ghusl*.

Ang Ghusl

Ang ghusl ay ang paghuhugas o ang pagpaligo sa lahat ng bahagi ng katawan kalakip na rito ang pagmumumog at pag-singa sa tubig na ipinasok sa ilong. Nagiging sapilitan ang ghusl kapag nangyari ang isa sa anim na ito:

1. Kapag nakipagtalik. Itinuturing nang pagtatalik ang pag-pasok ng kahit dulo man lamang ng ari ng lalaki sa puwerta ng babae kahit wala pang aktuwal na pagtatalik o paglabas ng maníy;
2. Kapag lumabas ang maníy dahil sa pagnanasa, kagala-kang seksuwal, *wet dream*, at anupamang kadahilanan;
3. Kapag nanaginip na nakikipagtalik at nang magising ay may nakitang lumabas na maníy, kailangang magsagawa ng ghusl. Ngunit kung wala namang nakitang lumabas na maníy, hindi na sapilitan ang ghusl;
4. Kapag tumigil ang regla o ang nifás (ang pagdurugo ng panganganak).

Ang unang tatlong nabanggit na kalagayan na nagiging sapilitan ang ghusl ay tinatawag na Janábah at ang babae o ang lalake na nasa ganitong kalagayan ay tina-tawag na Junub o taong nasa kalagayan ng Janábah. Ang babae na nasa sandali ng pagrereгла o nifás ay Junub din. Mawawala lamang ang pagiging Junub matapos na magsagawa ng ghusl.

5. Kapag namatay ang Muslim ay kailangang paliguan siya;
6. Kapag pumasok sa Islam ang isang di-Muslim.

Mga Ipinagbabawal sa Junub

1. Ang paghawak at pagdadala ng kopya ng Qur'án at ganoon din ang pagbigkas ng talata buhat sa Qur'án— may tunog man o walang tunog, buhat sa memorya man o direktang pagbabasa mula sa Qur'án;
2. Ang pananatili sa loob ng masjid ngunit ang pagdaan sa loob nito ay wala namang masama;
3. Ang pagsasagawa ng saláh at tawáf.

Gayon pa man, maaaring hawakan o dalhin ang ibang mga aklat na naglalaman ng mga talata ng Qur'án. Samakatuwid, hindi kabilang sa ganitong pagbabawal ang mga aklat ng komentaryo ng Qur'án o mga aklat sa Batas ng Islam o ano pa mang aklat na may sipi buhat sa Qur'án. Dala ng panga-ngailangan, ang gurong babae o estudyanteng babae na nasa sandali ng pagreregla ay maaaring bumasa ng Qur'án kapag nagtuturo o nag-aaral ng Qur'án.

Kailan Kanais-nais ang Ghosl

Ang ghosl ay hindi lamang sapilitan sa ilang mga pagka-kataon, ito ay lubhang kanais-nais din na gawin sa mga sumu-sunod:

1. Kapag dadalo sa salátuljumu'ah (saláh tuwing Biyernes),

2. Kapag natapos sa pagpapaligo ng patay,
3. Bago magsuot ng ih^rám para sa ‘Umrah o H^ajj.

Mga Kailangan sa Pagsasagawa ng Ghusl

May dalawang kinakailangan lamang sa pagsagawa nito. Una, kailangang may hangarin bago isagawa ito, at hindi na kailangang bigkasin pa ang hangarin. Pangalawa, kailangang padaluyan ng tubig ang lahat ng bahagi ng katawan, magmumog, maglinis ng ilong sa pamamagitan ng pagpapasok ng tubig sa loob nito at pagsinga. Para sa babae na magsasagawa ng ghusl, hindi na kailangang kalagin ang pagkatarintas ng mga buhok.

Mga Gawaing Kanais-nais sa Ghusl

Sa pagsasagawa ng ghusl, sundin ang sumusunod na paraan ng paglilinis sa mga bahagi ng katawan na ginawa ng Sugo:

1. Hugasan ang dalawang kamay.
2. Hugasan ang maselang bahagi ng katawan.
3. Magsagawa ng wudú’ (ngunit hindi huhugasan ang paa).
4. Buhusan nang tatlong ulit ang ulo, kuskusin ang buhok at hayaang dumaloy ang tubig upang maabot ang anit.
5. Buhusan ng tubig ang kanang bahagi ng katawan at saka isunod ang kaliwa.

Mga Tagubilin sa Pagsasagawa ng Ghusl

1. Hindi na kailangang magsagawa ng wudú' matapos maligo kahit na ang wudú' ay hindi isinagawa mula sa simula.
2. Maliban sa kabiyak, huwag maghubad o maligo ang isang Muslim sa harap ng iba.

Ang Regla, ang Nifás, at ang Istihádah

A. Ang Regla

Ito ay maaaring magkakaiba sa mga kulay; maaaring kulay **pula, matingkad na pula, dilaw** o maaari ring **walang kulay**. Kung mayroong kulay dilaw o walang kulay na likidong duma-daloy sa ano mang oras maliban pa sa regular na buwanang dalaw, ito'y hindi maituturing na regla. Walang pinakamaikli o pinakamahaba na panahon ng regla. Ang bawat babae ay magkakaiba.

B. Ang Nifás

Ang nifás ay ang pagdurugong bunga ng pagdadalang-tao na maaaring lumabas bago, habang, at matapos magsilang. Walang pinakamaikling panahon ng nifás. Ngunit may mga pangyayaring ang pagdurugo matapos ng panganganak ay tumitigil kaagad. Kapag nagkaganoon, ang babae ay wala na sa katayuan ng nifás. Maaari na siyang maligo at magpatuloy sa pagdarasal o pag-aayuno kung ito ay buwan ng Ramadán. Ayon sa karamihan ng mga Iskolar ng Islam, ang pinakama-tagal

na panahon ng nifás ay apatnapung araw. Samakatuwid, kahit na ang pagdurugo dahil sa panganganak ay patuloy pa rin pagkatapos ng apatnapung araw, ang babae ay hindi na maituturing na nasa katayuan ng nifás.

C. Ang Istihádah

May mga babae na bagaman hindi panahon ng regla nila o nifás ay dinudugo pa rin. Ang ganitong uri ng pagdurugo na hindi regla o nifás ay tinatawag na Istihádah. Sa ganitong uri ng pagdurugo, kailangang huwag ihinto ng isang babae ang saláh o pag-aayuno. Maaari niyang maitakda ang panahon ng regla o nifás sa pagbatay sa tatlong paraan ng pagtatakda na ilalahad sa susunod na pahina.

- A. Kung alam ng isang babae ang dating karaniwan o regular na bilang ng araw ng regla niya, kailangang gawin niya ito na pamantayan ng kanyang pagrereгла. Matapos ang bilang ng mga araw na yaon (kahit may pagdurugo pa), kailangan na niyang maligo at magdasal, at kung buwan naman ng Ramadán, kailangang ipagpatuloy niya ang pag-aayuno.
- B. Kung hindi niya alam ang bilang ng araw ng regla niya subalit nakikilala niya ang dugo ng regla sa ibang pagdu-rugo, kailangang ibilang niya ang karagdagang pagdurugo na hindi regla. Kaya matapos niyang makilala na ang uri ng pagdurugo ay regla (kadalasan kulay itim), pagkatapos tumigil nito, kailangang maligo na siya at ipagpatuloy ang pagdarasal. Sa ganitong

pagkakataon, ang paligo sa bawat saláh ay hindi na kailangan; ang wudú' ay sapat na.

- C. Kung hindi siya kabilang sa alin man sa dalawang kate-gorya sa itaas, kailangang isagawa niya ang regular na paligo sa pamamagitan ng paghahambing ng regla niya sa regla ng malapit na mga kamag-anak niya gaya ng ina o kapatid. Maaari rin niyang maibilang ang unang anim o pitong araw nang pagdurugo bilang kanyang regular na regla at pagka-tapos nito ay saka siya maligo at ipagpatuloy ang saláh at ang pag-aayuno kung ito'y buwan ng Ramadán.

Ang mga Bawal Kapag May Regla o Nifás

1. **Ang pagsasagawa ng saláh.** Hindi na rin kailangang mag-sagawa pa ng qadá' sa ibang mga araw;
2. **Ang pag-aayuno.** Sa pagkakataong ito, kailangang magsa-gawa ng qadá' para sa araw o mga araw na hindi nakapag-ayuno;
3. **Ang pagsagawa ng Tawáf sa Ka'bah;**
4. **Ang pagbasa o paghawak ng Qur'án;**
5. **Ang pakikipagtalik.** Ang mga gawaing hindi humahan-tong sa aktuwal na pagkapasok ng ari ng lalaki sa ari ng babae ay pinahihintulutan, kahit pa iyon ay maging daan sa paglabas ng semen. Kung tumigil na ang regla o nifás, ang babae ay kailangang maligo muna bago makipagtalik sa asawa.

Ang Sunanulfitrah

Ang Sunanulfitrah, bagaman hindi sapilitan, ay maitutu-ring na gawaing kanais-nais. Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. Ang pag-aalis ng buhok sa maselang bahagi ng katawan.
2. Ang pag-aalis ng buhok sa kilikili.
3. Ang pagpuputol sa mahabang kuko.
4. Ang pag-aayos ng buhok. Hindi dapat na ahitin ang isang bahagi lamang at itira ang ibang bahagi;
5. Ang pagpapatuli. Ang karamihan sa mga hukom ay nani-niwala na ito ay sapilitan sa mga lalaking Muslim.
6. Ang pagpuputol sa mahabang bigote at hindi kailangang ahitin.
7. Ang pagpapahaba ng balbas.
8. Ang pag-iwas sa pag-aalis ng puting buhok sa ulo o sa balbas.
9. Ang pag-iwas sa pagkukulay ng itim sa puting buhok.
10. Ang paggamit ng pabango, lalo na ang langis ng *musk*.¹¹

¹¹ Maaari lamang gumamit ng pabango ang babaeng Muslim kung siya ay nasa harap ng asawa niya o ng lalaking hindi niya maaaring maging asawa.

Ang Tayammum

Ipinahihintulot ang tayammum sa isang dinaglalakbay at sa musáfir (naglalakbay). Pamalit ito sa wudú' o ghusl kapag ang isa man lamang sa mga sumusunod na kadahilanan ay lumitaw:

- Kapag walang makitang tubig matapos ang masusing pag-hahanap o kung mayroon man ay hindi sapat para sa wudú' o ghusl o bagaman malapit ang pinagkukunan ng tubig ay nangangambang baka may masamang mangyari sa sarili o sa ari-arian kapag umalis at kumuha ng tubig;
- Kapag may sugat ang bahagi ng katawan na kailangan ng wudú' o ghusl, ito ay huhugasan pa rin ng tubig. Subalit kung ang paghuhugas ng tubig sa sugat ay makasasama, papahiran na lamang ang sugat: babasain ang kamay at hahapustin nito ang sugat. Kung ang pagpapahid ay maka-sasama pa rin, magsasagawa na ng tayammum para rito. Magsasagawa muna ng wudú'—huhugasan ang maaaring hugasan—at ang bahagi na hindi maaaring hugasan o pahi-ran ay hahayaan at pagkatapos ng wudú' ay magsasagawa ng tayammum;
- Kapag ang tubig o ang klima ay lubhang malamig at nanga-ngambang ang paggamit ng tubig ay baka makapinsala;
- Kung may tubig man ngunit ito ay lubhang kailangan para sa inumin, maaari na ang tayammum.

Ang Pagsasagawa ng Tayammum

1. Isapuso ang hangaring magsasagawa ng tayammum.
2. Bigkasin ang *bismi -lláh*.
3. Itapik nang isang beses ang mga palad sa tuyong lupa.
4. Ihaplos nang isang beses ang mga palad sa mukha.
5. Ihaplos ang kaliwang palad sa kanang kamay at ihaplos ng kanang palad sa kaliwang kamay nang tig-iisang beses.

Ang nakasisira sa tayammum ay ang nakasisira rin sa wudú'. Nawawala ang bisa ng tayammum kapag ang mga hadlang sa pagsasagawa ng wudú' at ghusl ay nawala.

Ang Saláh

1. Ang saláh o ang dasal ay ang ikalawang haligi sa limang haligi ng Islam. Ito ay tungkuling dapat gampanan ng bawat Muslim at Muslimah na nasa wastong gulang (15 taon pataas) at may sapat na pag-iisip. Ang sinumang tumigil sa pagsagawa ng saláh ay maituturing na Káfir ayon sa nagkakaisang hatol ng mga pantas ng Islam. Sa lahat ng gawa ng tao, ang kanyang pagsasagawa ng saláh ang una niyang pananagutan sa Araw ng Paghuhukom.
2. Ang pagsasagawa ng saláh sa *jamá'ah* (kongregasyon) sa masjid ay tungkulin ng mga lalaki. Ang limang saláh sa araw at gabi ay ang saláh sa fajr (madaling araw), saláh sa dhuhr (tanghali), saláh sa 'asr (hapon), saláh sa maghrib (paglubog ng araw), at saláh sa *ishá'* (gabi).¹² Itinatagubi-lin sa isang Muslim na pumunta sa masjid nang panatag at mahinahon at itinatagubilin ding magsagawa ng dalawang rak'ah na saláh na kung tawagin ay saláh ng pagbati sa masjid bago maupo.
3. Kailangang takpan ang 'awrah sa pagsasagawa ng saláh. Ang pagharap sa Qiblah o dakong kinaroonan ng Makkah ay isa rin sa kundisyon upang maging tanggap ang saláh.

¹² Ang fajr, dhuhr, 'asr, maghrib at 'ishá', na mga pangalan ng mga takdang oras ng saláh, ay ipinantatawag din sa saláh sa takdang oras na iyon.

4. Kailangang isagawa ang saláh sa takdang oras nito. Hindi tanggap ang saláh na isinagawa bago sumapit ang takdang oras nito, maliban na lamang kung naglalakbay. Ipinagba-bawal ang pagpapahuli sa pagsagawa ng saláh sa takdang oras nito.
5. Kailangang isagawa ng isang Muslim ang saláh nang may kapanatagan at kababaang-loob.

Ang mga Oras ng Saláh at Bilang ng Rak'ah

- Ang takdang oras ng fajr ay nagsisimula sa pagsapit ng madaling araw hanggang sa bago sumikat ang araw. Ang saláh na ito ay binubuo ng 2 rak'ah.
- Ang takdang oras ng dhuhur ay nagsisimula pagkatapos na pagkatapos ng tanghaling tapat hanggang sa ang anino ng isang bagay ay bago maging kasinghaba nito. Ang saláh na ito ay binubuo ng 4 rak'ah.
- Ang takdang oras ng 'asr ay nagsisimula kapag ang anino ng isang bagay ay kasinghaba na nito hanggang sa bago lumu-bog ang araw. Ang saláh na ito ay binubuo ng 4 rak'ah.
- Ang takdang oras ng maghrib ay nagsisimula kapag lumu-bog na ang araw hanggang sa bago maglaho ang takipsi-lim o pamumula sa langit na siyang resulta ng paglubog ng araw. Ang saláh na ito ay binubuo ng 3 rak'ah.
- Ang takdang oras ng ishá' ay nagsisimula kapag naglaho na ang takipsilim hanggang sa bago

maghatinggabi. Ang saláh na ito ay binubuo ng 4 rak'ah.

Ang 'Ibádát at ang Mu'ámalát

Ang mga gawain sa Islam ay nahahati sa dalawang pangu-nahing uri: ang 'ibádát at ang mu'ámalát. Ang 'ibádát (mga pagsamba) ay ang mga rituwal at tungkulin na may kinalaman sa pagsamba na tulad ng saláh, zakáh, sawm, at hajj. Ang mu'ámalát (mga pakikitungo) ay sumasaklaw naman sa mga gawain sa buhay na may kaugnayan sa pakikitungo ng isang tao sa kanyang kapwa tao, pamilya, lipunan, at Kalipunang Muslim sa kabuuan, maging ito man ay may kinalaman sa pulitika o ekonomiya o kultura o batas, o mga alituntunin sa moralidad, pambansa o pandaigdigang man. Ang mu'ámalát kapag ginagampanan para sa pagsunod sa batas ni Alláh ay magiging isang uri na rin ng pagsamba sa pangkalahatang kahulugan. Hindi ilalahad ng aklat na ito ang buong detalye ng mu'ámalát. Para sa detalyadong kaalaman hinggil sa mu'ámalat, mangyaring sumangguni sa isang marunong sa Islam na mapagkakatiwalaan ang kanyang karunungan sa Islam o sa isang aklat na tumatalakay sa mga batas ng Islam.

Bakit Kailangang Magsagawa ng Saláh

Marami at malawak ang mga dahilan ngunit ito ang ilan:

1. Sapagkat ang pagsasagawa ng saláh ay isa sa pinakadaki-lang mga uri ng pagsamba kay Alláh na ibig Niyang gawin natin.
2. Bilang pagpapasalamat natin sa Kanya dahil nilalang Niya tayo sa pinakamataas na antas.
3. Dahil pinatnubayan Niya tayo sa Islam.
4. Nang sa gayon ito ay magsilbing isang pagkakataon para sa ating mga Muslim upang maiparating natin sa Kanya ang mga nararamdaman natin at ang mga pangangailangan natin.
5. Bilang paggunita sa Kanya upang hindi natin Siya mali-mutan at hindi rin natin malimutan ang mga ipinag-uutos Niya sa atin dito sa ating pansamantalang buhay sa mundo.
6. Upang tayo ay manalangin sa Kanya na nawa ay tulungan at patnubayan Niya tayo sa tuwina sa mga dumarating na mga pagsubok sa buhay natin.
7. Upang paghandaan natin ang Araw ng Paghuhukom, ang araw na makatatagpo natin Siya, upang makamit natin ang mga magagandang gantimpalang ikagagalak natin at nara-rapat para sa atin na inihanda Niya alang-alang sa atin: ang Hardin ng kaligayahan na walang hanggan.

8. Upang maging matatag ang pagmamahal natin at takot natin sa Kanya nang sa gayon ay manatili tayo sa pagiging matuwid at masunurin sa mga katuruan ng Islam gaya ng mga batas nito at kagandahang asal na itinuturo nito.
9. Upang ang saláh natin ay magsilbing mabuting gawain na sa pamamagitan nito ay pagtatakan Niya ang mga nagawa nating kasalanan.
10. Ang saláh ay isang gawain na kung pagbubutihin ang pag-tupad nito ay makapagdudulot sa mga Muslim ng kapaki-nabangang pampisikal, pang-isperituwal at pangmoralidad. Itinataguyod din ng saláh ang kalinisan, ang kalusugan, ang kaayusan, ang disiplina, ang kapatiran, ang pagkaka-pantay-pantay, ang panlipunang pagkakabuklod-buklod, at marami pang iba.

Ang Kasuutan sa Pagsasagawa ng Saláh

Ang kasuutan ng lalaki ay kahit matakpan man lamang ang bahagi ng katawan mula sa pusod hanggang sa tuhod. Dapat din na mayroong takip ang mga balikat. Kailangang balot ang babae mula sa ulo hanggang sa paa, maliban sa mukha at kamay. Hindi rin katanggap-tanggap ang saláh kapag ang suot na damit ay manipis at naaaninag ang katawan. Dapat ding iwasan ang mga masikip na kasuutan na nagpapakita ng hubog ng katawan.

Paalala

Upang mabigkas nang wasto ang mga salitang Arabe, sumangguni sa marunong magsalita o bumigkas ng Arabe. Bago simulan ang susunod na paksa ay repasuhin muna ang *Gabay sa Pagbigkas* na nasa pahina 5-6 ng aklat. Nasa pahina 62 ang salin o ang kahulugan sa Tagalog ng mga panalangin sa wikang Arabe at Súrah alFátihah na mababanggit dito.

Ang Paraan ng Pagsasagawa ng Saláh

Ang Saláh sa Fajr

1. Tumindig at iharap sa qiblah ang buong katawan nang walang paglihis o paglingon. Habang nakatayo ay palaging iyuko ang ulo at itutok ang paningin sa pagpapatirapaan ng noo. Hindi tama na bigkasin ang niyah o layuning magsa-sagawa ng saláh.
2. Isagawa ang takbíratul'ih_rám: bibigkasin ang *Alláhu akbar* اللهُ أكبر habang itinataas nang pantay sa balikat o tainga ang mga kamay na nakabukas. Tingnan ang larawan 1 sa pahina 38.
3. Ilagay ang mga kamay sa dibdib, na nakapatong ang kanan sa kaliwa. Tingnan ang larawan 2.
4. Bigkasin nang tahimik ang du'á' istiftáh: *subhánaka -lláhumma wa bihamdika wa tabáraka -smuka wa ta'ála jadduka wa lá iláha ghayruk.*

سبحانك اللهم وبحمدك وتبارك اسمك وتعالى جدك ولا إله غيرك

5. Bigkasin nang tahimik ang isti‘ádhah: *a‘údhū bi-lláhi mina -shshaytán -irrajím.* أعوذ بالله من الشيطان الرجيم
6. Bigkasin ang Súrah alFátihah:
¹*bism -illáh -irrahmán -irrahím,* ²*alhamdu lilláhi rabb -il‘álamín,* ³*arrahmán -irrahím,* ⁴*máliki yawm -iddín,* ⁵*iyýáka na‘budu wa iyýáka nasta‘ín,* ⁶*ihdina-ssirát -almustaqím,* ⁷*shiráta -lladhína an‘amta ‘alayhim ghayr -ilmaghđúbi ‘alayhim wa la -ddállín. (ámín.)*¹³

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ﴿١﴾ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ ﴿٢﴾ مَالِكِ يَوْمِ الدِّينِ ﴿٣﴾
إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ ﴿٤﴾ اهْدِنَا الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ ﴿٥﴾ صِرَاطَ
الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ وَلَا الضَّالِّينَ ﴿٧﴾ (آمين).

7. Bumigkas ng bahagi ng Qur‘án na madali sa iyo. Heto ang halimbawa ng Súrah ng Qur‘án: *bismi -lláhi -rrahmání -rrahím,* ¹*qul huwa -lláhu ahad,* ²*alláhu -ssamad,* ³*lam yalid wa lam yúlad,* ⁴*wa lam yakul lahú kufuwan ahad.*¹⁴

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ﴿١﴾ اللَّهُ الصَّمَدُ ﴿٢﴾ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ﴿٣﴾ وَلَمْ يَكُنْ لَهُ
كُفُوًا أَحَدٌ ﴿٤﴾

¹³ Ang salin ng mga talata ng Qur‘an ay nasa pahina 56.

¹⁴ Kapag nagsasagawa ng saláh na kasama ng imám, huwag nang bumigkas ng kahit anong talata ng Qur‘án. Sapat na lamang na bigkasin nang tahimik ang Súrah alFátihah.

8. Magsabi ng *Alláhu akbar* habang itinataas nang pantay sa balikat o tainga ang mga nakabukas na kamay at saka iyukod ang ulo kasama ng katawan at ilagay sa tuhod ang mga kamay na nakabuka ang mga daliri. Ang katawan ay nakayukod nang tuwid habang nakahawak ang dalawang kamay sa mga tuhod. (Tingnan ang larawan 1-3.) Habang nakayukod ay sabihin nang tatlong beses ang *subhána rabbiya -l'adhím رَبِّ الْعَظِيمِ*.
9. Habang ibinabangon ang ulo at katawan mula sa pagka-kayukod ay bigkasin ang *sami'a -lláhu liman hamidah, سَمِعَ اللَّهُ لِمَنْ حَمِدَهُ* kung mag-isang nagdarasal o Imám sa *saláh*; magsabi naman ng *rabbaná wa laka -lhamd رَبَّنَا وَلَكَ الْحَمْدُ* kung sumusunod sa Imám. Habang ibinabangon ang ulo at ang katawan, ang mga kamay ay ipinapantay sa balikat o tainga at saka inilalagay sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa. Tingnan ang larawan 1-2.
10. Habang nakatayo ay sabihin ang *rabbaná wa laka -lhamd, mil'a -ssamawáti wa mil'a -l'ardi wa mil'a má shi'ta min shay'im ba'd, رَبَّنَا وَلَكَ الْحَمْدُ مَلَأَ السَّمَاوَاتِ وَمَلَأَ الْأَرْضَ وَمَلَأَ مَا شِئْتَ مِنْ شَيْءٍ بَعْدَ* kung mag-isang nagsasagawa ng *saláh* o kung imám sa *saláh*. Kung sumusunod naman sa Imám ay magsabi ng ganito

mil'as samawáti wa mil'a -l'ardi wa mil'a má shi'ta min shay'im ba'd ملء الأرض وملء ما شئت من شيء بعد

11. Magpatirapa habang sinasabi ang *Alláhu akbar*. Sa pagpapatirapa, ang pitong bahagi ng katawan ay nakadiit sa lapag: ang noo kasama ng ilong, ang mga palad, ang mga tuhod, at ang dulo ng dalawang paa. Ilayo sa gilid ng katawan ang braso. Iharap ang dulo ng mga daliri ng paa at ang kamay sa Qiblah. Habang nakapatirapa ay sabihin nang tatlong ulit ang *subhána rabbiya -l'a'lá* **سُبْحَانَ رَبِّيَ الْأَعْلَى** Tingnan ang larawan 4.

12. Habang inaangat ang ulo at katawan ay sabihin ang *Alláhu akbar*. Maupo nang pag-upong iftirásh at ipatong ang mga kamay na nakabukas sa dulo ng hita sa tabi ng tuhod. Ganito ang upong iftirásh: maupo sa kaliwang paa na nakahiga at ang mga daliri nito ay nakaturo sa gawing kanan habang ang kanang paa ay nakatukod; tingnan ang larawan 7. Habang nakaupo ay sabihin ang *rabbi -ghfir lí wa -rhamní wa -hdiní wa -rzuqní wa -jburní wa 'áfiní*.

ربي اغفر لي وارحمني واهدني وارزقني واجبرني وعافني

13. Muling magpatirapa habang sinasabi ang *Alláhu akbar*. Habang nakapatirapa ay sabihin ang *subhána rabbiya -l'a'lá* nang tatlong ulit. Tingnan ang larawan 4.
14. Pagkatapos ng ikalawang pagpapatirapa ng unang rak'ah ay tumayo upang simulan ang ikalawang

rak‘ah at tumin-dig ng tuwid. Habang tumatayo ay binibigkas ang **Alláhu akbar**. Dito nagtatapos ang unang rak‘ah o yunit ng saláh.

15. Kapag nakatayo na ay isagawa ang ikalawang rak‘ah tulad ng ginawa at sinabi sa unang rak‘ah ngunit huwag nang bigkasin ang istiftáh at isti‘ádah: muling isagawa ang ginawa mula sa bilang 6 hanggang sa katapusan ng bilang 13. Sa bilang 7 ay mainam na bumigkas ng isang bahagi ng Qur‘án na iba kaysa unang binigkas kung mag-isang nagdarasal o kung Imám sa saláh.
16. Sa pagtatapos ng ikalawang pagpapatirapa ng ikalawang rak‘ah ay magsabi ng **Alláhu akbar** habang itinataas ang ulo at katawan at manatiling nakaupo nang pag-upong Iftirásh. Habang nakaupo, ang kanang kamay at nag kali-wang kamay ay nakalagay sa dulo ng kanang hita at kali-wang hita sa tabi ng tuhod. Tingnan ang larawan 5-6-7.
17. Habang nakaupo pa rin ay tahimik na bigkasin ang Una at ang Ikalawang Tashahhud. Habang nasa Unang Tashahhud ay pagagalawin ang nakaturong kanang hintuturo habang sinasabi ang sumusunod: ***ash‘hadu allá iláha illa -lláh, wa ash‘hadu anna muḥammadan ‘abduhu wa rasúluh.***

Unang Tashahhud:

Attahiyátu lilláhi wa -ssalawátu wa -ttayyibát, assalámu 'alayka ayyuha -nnabíyu wa rahmatu -lláhi wa barakátuh, assalámu 'alayná wa 'alá 'ibádi -lláhi -ssálihín, ash'hadu allá iláha illa -lláh, wa ash'hadu anna muhammadan 'abduhu wa rasúluh.

التَّحِيَّاتُ لِلَّهِ وَالصَّلَوَاتُ وَالطَّيِّبَاتُ، السَّلَامُ عَلَيْكَ أَيُّهَا النَّبِيُّ وَرَحْمَةُ اللَّهِ وَبَرَكَاتُهُ،
السَّلَامُ عَلَيْنَا وَعَلَى عِبَادِ اللَّهِ الصَّالِحِينَ، أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ
وَرَسُولُهُ.

Ikalawang Tashahhud:

Alláhumma salli 'alá muhammadin wa 'alá áli muham-mad, kamá sallayta 'alá ibráhíma wa 'alá áli ibráhím, innaka hamídu majíd, wa bárik 'alá muhammadin wa 'alá áli muhammad, kamá bárakta 'alá ibráhíma wa 'alá áli ibráhím, innaka hamídu majíd, alláhumma inní a'údhu bika min 'adhábi jahannam, wa min 'adhábi -lqabri, wa min fitnati -lmahyá wa -lmamát, wa min fitnati -lmasihi -ddajjal.

اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ، وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ
حَمِيدٌ مَجِيدٌ، اللَّهُمَّ بَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ، وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ، وَعَلَى آلِ
إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ. اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ وَمِنْ عَذَابِ النَّارِ،
وَمِنْ فِتْنَةِ الْمَحْيَا وَالْمَمَاتِ وَمِنْ فِتْنَةِ الْمَسِيحِ الدَّجَالِ.

18. Isagawa ang taslím: ang pagsasabi ng السلام عليكم
الله ورحمة الله assalámu 'alaykum wa rahmatu -lláh habang

lumilingon sa kanan at pagkatapos ay lumingon naman sa kaliwa habang sinasabi rin ang gayon. Tingnan ang larawan 8-9.

Ang Saláh sa Maghrib


1. Sa pagsagawa ng saláh sa maghrib, gawin ang tulad sa saláh sa fajr, mula sa bilang 1 hanggang sa bilang 16.
2. Habang nakaupo nang pag-upong Iftirásh, tahimik na big-kasin ang Unang Tashahhud. Dito nagtatapos ang ikala-wang rak'ah.
3. Pagkatapos ng Unang Tashahhud¹⁵ ay tumayo upang isaga-wa ang ikatlo na siyang huling rak'ah. Habang tumatayo ay magsabi ng **Alláhu akbar** habang itinataas na pantay sa balikat o tainga ang mga nakabukas na kamay. Kapag nakatayo na ay ilagay sa dibdib ang mga kamay at gawin ang katulad sa ginawa mula sa bilang 6 hanggang sa kata-pusan ng bilang 13, maliban sa bilang 7.
4. Sa pagtatapos ng ikalawang pagpapatirapa ng ikatlong rak'ah ay magsabi ng **Alláhu akbar** habang itinataas ang katawan at ulo. Maupo nang pag-upong tawarruk:¹⁶ naka-tukod ang kanang paa, nakalabas at maaaring nakaupo sa lapag; tingnan ang larawan 10. Habang nakaupo, ang kanang kamay ay nakalagay sa

¹⁵ Tingnan ang Una at ang Ikalawang Tashahhud sa pahina 31-32.

¹⁶ Ang tawarruk ay ang pinakamainam para sa sinumang makakaya ito.

dulo ng kanang hita sa tabi ng tuhod, at nakakuyom ang mga daliri maliban sa hintuturo na naka-turo habang pinagagalaw. Ang nakabukas na kaliwang kamay naman ay ipatong sa dulo ng kaliwang hita sa tabi ng tuhod; tingnan ang larawan 5-6-7.

5. Habang nakaupo pa rin ay tahimik na bigkasin ang Una at ang Ikalawang Tashahhud.
6. Isagawa ang taslím sa pamamagitan ng pagsasabi ng *assalámu ‘alaykum wa rahmatu -lláh* habang lumilingon sa kanan at pagkatapos ay lumingon naman sa kaliwa habang sinasabi rin ang gayon. Tingnan ang larawan 8-9.



Ang mga Saláh sa Dhuhr, sa 'Asr, at sa 'Ishá'

1. Sa pagsasagawa ng alin man sa 3 saláh, gawin ang tulad ng ginagawa sa saláh sa fajr, mula sa bilang 1 hanggang 16.
2. Habang nakaupo nang pag-upong iftirásh, tahimik na big-kasin ang Unang Tashahhud. Dito nagtatapos ang ikala-wang rak'ah.
3. Pagkatapos ng ikalawang pagpapatirapa sa ikalawang rak'ah ay sabihin ang *Alláhu akbar* habang itinataas ang katawan at ulo at manatiling nakaupo nang pag-upong Iftirásh (larawan 5-6-7). Bigkasin nang tahimik ang Unang Tashahhud. Dito nagtatapos ang ikalawang rak'ah.
4. Pagkatapos ng Unang Tashahhud ay tumayo upang isaga-wa ang ikatlong rak'ah. Habang tumatayo ay sinasabi ang *Alláhu akbar* at itinataas na pantay sa balikat o tainga ang mga nakabukas na kamay. Kapag nakatayo na ay ilagay sa dibdib ang mga kamay at gawin ang katulad sa ginawa mula sa bilang 6 hanggang sa katapusan ng bilang 13, mali-ban sa bilang 7. Pagkatapos nito ay nakumpleto na ang ikatlong rak'ah.
5. Pagkatapos ng ikalawang pagpapatirapa ng ikatlong rak'ah ay tumayo upang simulan ang ikaapat na rak'ah at tumin-dig ng tuwid. Habang tumatayo ay binibigkas ang *Alláhu akbar*. Dito nagtatapos ang ikatlong rak'ah.

6. Tumayo upang isagawa ang ikaapat na rak'ah. Habang tumatayo ay sinasabi ang *Alláhu akbar*. Kapag nakatayo na ay ilagay sa dibdib ang mga kamay at gawin ang tulad sa ginawa mula sa bilang 6 hanggang sa katapusan ng bilang 13, maliban sa bilang pito 7.
7. Sa pagtatapos ng ikalawang pagpapatirapa ng ikaapat na rak'ah ay magsabi ng *Alláhu akbar* habang itinataas ang katawan at ulo. Maupo nang pag-upong Tawarruk: naka-tukod ang kanang paa, nakalabas at maaaring nakaupo sa lapag. Tingnan ang larawan 10. Habang nakaupo, ang kanang kamay ay nakalagay sa dulo ng kanang hita sa tabi ng tuhod, at nakakuyom ang mga daliri maliban sa hintu-turo na nakaturo habang pinagagalaw. Ang nakabukas na kaliwang kamay naman ay ipatong sa dulo ng kaliwang hita sa tabi ng tuhod; tingnan ang larawan 5-6-7.
8. At habang nakaupo pa rin ay tahimik na bigkasin ang Una at ang Ikalawang Tashahhud.
9. Isagawa ang taslím sa pamamagitan ng pagsabi ng *assalámu 'alaykum wa rahmatu -lláh* habang lumilingon sa kanan. Pagkatapos ay lumingon naman sa kaliwa habang sinasabi rin ang gayon. Tingnan ang larawan 8-9.

Ang mga Dhikr Pagkatapos ng Saláh

أَسْتَغْفِرُ اللَّهَ، أَسْتَغْفِرُ اللَّهَ، أَسْتَغْفِرُ اللَّهَ، أَللَّهُمَّ أَنْتَ السَّلَامُ وَمِنْكَ السَّلَامُ، تَبَارَكْتَ يَا ذَا
الْجَلَالِ وَالْإِكْرَامِ.

Astaghfiru -lláh, astaghfiru -lláh, astaghfiru -lláh,
alláhumma anta -ssalámu wa minka -ssalám, tabárakta yá
dha -ljaláli wa -l'ikrámu.

*Humihingi ako ng tawad kay Allah. Humihingi ako ng
tawad kay Allah. Humihingi ako ng tawad kay Allah. O
Allah, Ikaw ang Sakdal¹⁷ at mula sa Iyo ang kapayapaan.
Napakamapag-pala Mo, o pinag-uukulan ng pagpipitagan
at pagpaparangal.*

لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، اللَّهُمَّ
لَا مَانِعَ لِمَا أَعْطَيْتَ، وَلَا مُعْطِيَ لِمَا مَنَعْتَ، وَلَا يَنْفَعُ ذَا الْجَدِّ مِنْكَ الْجَدُّ.

Lá iláha illa -lláh wahdahu lá sharíka lah, lahu -lmulku
wa lahu -lhamdu wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír.
Alláhumma lá máni‘a limá a‘táyta, wa lá mu‘tíya limá
mana‘ta, wa lá yanfa‘u dha -ljaddi minka -ljadd.

*Walang Diyos kundi si Alláh — tanging Siya, wala
Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol
sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay
nakakakaya. O Alláh, walang makapipigil sa anumang
ibinigay Mo at walang makapagbibigay sa anumang*

¹⁷ Walang kapintasan, walang kakulangan.

pinigil Mo. Hindi makapagdu-dulot ng pakinabang sa may yaman ang yaman laban sa Iyo.

لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ، لَا حَوْلَ وَلَا قُوَّةَ إِلَّا بِاللَّهِ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَلَا نَعْبُدُ إِلَّا إِيَّاهُ، لَهُ النَّعْمَةُ وَهُوَ الْفَضْلُ، وَلَهُ الشُّعْرَاءُ الْحَسَنُ، لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ وَلَوْ كَرِهَ الْكَافِرُونَ.

Lá iláha illa -lláhu waḥdahu lá sharíka lah, lahu -lmuḥku wa lahu -lḥamdu wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír. Lá ḥawla wa lá qúwata illá bi-lláh, lá iláha illa -lláh, wa lá na‘budu illá iyyáh, lahu -nmi‘matu wa lahu -lfaḍlu wa lahu -lththaná’u -lḥasan, lá iláha illa -lláhu mukhlisína lahu -ddína wa law kariha -lkáfirún.

Walang Diyos kundi si Allah — tanging Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamama-gitan ni Allah. Walang Diyos kundi si Allah, at wala tayong sinasamba kundi Siya. Ukol sa Kanya ang pagbibiyaya at ukol sa Kanya ang pagmamabuting-loob at ukol sa Kanya ang magandang pagbubunyi. Walang Diyos kundi si Allah. [Kami ay] mga nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima, kahit pa masuklam ang mga tumatangging sumampalataya.

Pagkatapos ng saláh sa maghrib at fajr, ang sumusunod ay kanais-nais na bigkasin nang 10 ulit:

لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ.

Lá iláha illa -lláh waḥdahu lá sharíka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamdu wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír.

Walang Diyos kundi si Allah: tanging Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.

Subḥána -lláh (33x).

Kaluwalhatian kay Allah.

سُبْحَانَ اللَّهِ (۳۳).

Alḥamdu lilláh (33x).

Ang papuri ay ukol kay Allah.

الْحَمْدُ لِلَّهِ (۳۳)

Alláhu akbar (33x).

Si Allah ay pinakadakila.

اللَّهُ أَكْبَرُ (۳۳).

Pagkatapos bilang ikaisandaan ay magsasabi ng:

لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، لَهُ الْمُلْكُ، وَلَهُ الْحَمْدُ، وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ.

Lá iláha illa -lláh waḥdahu lá sharíka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamdu wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír.

Walang Diyos kundi si Allah: tanging Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.

Bigkasin ang Áyatulkursíy:

اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّومُ لَا تَأْخُذُهُ سِنَّةٌ وَلَا نَوْمٌ لَهُ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي
الْأَرْضِ مَنْ ذَا الَّذِي يَشْفَعُ عِنْدَهُ إِلَّا بِإِذْنِهِ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ وَلَا
يُحِيطُونَ بِشَيْءٍ مِّنْ عِلْمِهِ إِلَّا بِمَا شَاءَ وَسِعَ كُرْسِيُّهُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ وَلَا يَئُودُهُ
حِفْظُهُمَا وَهُوَ الْعَلِيُّ الْعَظِيمُ ﴿٢٢٥﴾

Alláhu lá iláha illá huwa -l^hayyu -lqayyúm, lá ta'khudhuhu sinatuw wa lá nawm, lahú má fi -ssamáwáti wa má fi -l'ard, man dha -lladhí yashfa'u 'indahu illá bi'idhnih, ya'lamu má bayna aydíhim wa má khalfahum, wa lá yuhítúna bishay'im min 'ilmihí illá bimá shá', wasi'a kursíyuhu -ssamáwáti wa -l'ard, wa lá ya'úduhu hifdhuhumá, wa huwa -l'alíyu -l'adhím.

Si Allah, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Taga-pagpanatili. Hindi Siya nadadala ng antok ni ng pagkatu-log. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anu-mang nasa lupa. Sino kaya itong makapamamagitan sa Kanya kung walang kalakip na pahintulot Niya? Nalala-man Niya ang hinaharap nila at ang nakaraan nila. Hindi sila makasasaklaw sa anuman mula sa kaalaman Niya maliban sa anumang niloob Niya. Nasakop ng luklukan Niya ang mga langit at ang lupa. Hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan.

Bibigkasin ang mga kabanata 112, 113, at 114 ng Qur'an sa bawat saláh. Kaibig-ibig na bigkasin nang tigtatlong ulit ang tatlong ito matapos ang mga saláh sa fajr at maghrib.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
 قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ① اللَّهُ الصَّمَدُ ② لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ③ وَلَمْ يَكُنْ لَهُ
 كُفُوًا أَحَدٌ ④

Bismi -lláhi -rrahmáni -rrahím ¹Qul huwa -lláhu ahad, ²alláhu -ssamad, ³lam yalid wa lam yúlad, ⁴wa lam yakul lahú kufuwan ahad.

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakama-awain. ¹Sabihin mo: “Siya, si Allah, ay Iisa. ²Si Allah ay ang Dulugan sa pangangailangan. ³Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak, ⁴at walang isa na sa Kanya ay naging kapantay.”

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
 قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ ① مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ ② وَمِنْ شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ③
 وَمِنْ شَرِّ النَّفَّاثَاتِ فِي الْعُقَدِ ④ وَمِنْ شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ⑤

Bismi -lláhi -rrahmáni -rrahím ¹Qul a‘údhū birabbi -lfalaq, ²min sharri má khalaq, ³wa min sharri ghásiqin idhá waqab, ⁴wa min sharri -naffátháti fi -l‘uqad, ⁵wa min sharri hásidin idhá hasad.

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakama-awain. ¹Sabihin mo: “Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng bukung-liwayway, ²laban sa

kasamaan ng anumang nilikha Niya, ³at laban sa kasamaan ng madilim na gabi kapag bumalot ito, ⁴at laban sa kasamaan ng mga mang-gagaway na palaihip sa mga buhol, ⁵at laban sa kasamaan ng naiinggit kapag naiinggit ito.”

بِسْمِ اللّٰهِ الرَّحْمٰنِ الرَّحِیْمِ
 قُلْ اَعُوْذُ بِرَبِّ النَّاسِ ۝۱ مَلِكِ النَّاسِ ۝۲ اِلٰهِ النَّاسِ ۝۳ مِنْ شَرِّ الْوَسْوَاسِ
 الْخَنَّاسِ ۝۴ الَّذِیْ یُوسْوِسُ فِیْ صُدُوْرِ النَّاسِ ۝۵ مِنْ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ ۝۶

Bismi -lláhi -rrahmání -rrahím ¹Qul a‘údhū birabbi -nnás, ²maliki -nnás, ³iláhi -nnás, ⁴min sharri -lwaswási -lkhannás, ⁵alladhí yuwaswisu fī sudúr -nnás, ⁶mina -ljinnati wa -nnás.

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakama-awain. ¹Sabihin mo: “Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao, ²ang Hari ng mga tao, ³ang Diyos ng mga tao, ⁴laban sa kasamaan ng bumubulong na palaurong¹— ⁵na bumubulong sa mga dibdib ng mga tao — ⁶na kabilang sa mga jinn at mga tao.”

Ang mga Nakasisira sa Saláh

1. Ang pagsasalita nang sadya kahit kaunti lamang,
2. Ang paglihis ng buong katawan sa pagkakaharap sa Qiblah,
3. Ang pag-utot o paglabas sa katawan ng anumang nagi-ging dahilan kung bakit kailangan ang wudú’ at ghusl,
4. Ang maraming sunud-sunod na paggalaw na hindi kailangan,

5. Ang pagtawa kahit kaunti lamang,
6. Ang sinasadyang pagpapasobra sa bilang ng pagyukod o pagtayo o pagpapatirapa o pag-upo, at
7. Ang sinasadyang pakikipag-unahan sa Imám.

Ang mga Wájib o Kinakailangan sa Saláh

Ang mga wájib sa saláh ay ang mga bahagi nito na kaila-ngang isagawa. Kapag may wájib sa saláh na nakaligtaang isagawa, hindi na kailangang balikan iyon, ngunit kailangang magsagawa ng sujúdussahw (na tatalakayin sa mga susunod na pahina) bilang “kabayaran” sa pagkaligta. Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. Ang lahat ng takbír¹⁸ maliban sa takbíratul’iḥrám;
2. Ang pagsabi ng **subḥána rabbiya -l’adhím** nang isang ulit habang nakayukod;
3. Ang pagsabi ng **sami’a -lláhu liman ḥamidah** para sa mag-isang nagsasagawa ng saláh at para sa imám;
4. Ang pagsabi ng **rabbaná wa laka -lḥamd** matapos uma-ngat mula sa pagkakayukod;
5. Ang pagsabi ng **subḥána rabbiya -l’a’lá** habang naka-patirapa;
6. Ang pagsabi ng **rabbi -ghfir lí** sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa;
7. Ang pagbigkas ng Unang Tashahhud;
8. Ang pag-upo para sa Unang Tashahhud.

¹⁸ Pagsabi ng Alláhu akbar.

Ang mga Rukn o Sandigan ng Saláh

Ang mga rukn o sandigan ng saláh ay ang mga bahagi nito na kapag nakaligtaang isagawa ay kailangang balikan at isagawa. Halimbawa: Nakaligtaan mong bigkasin ang Súrah alFátihah (na isang rukn ng saláh) at naalaala mo iyon noong nakapatirapa ka na, kailangang tumayo ka, bigkasin mo ito, at pagkatapos ay gawin ang mga kailangang gawin pagkatapos nito. Ang mga rukn ng saláh ay ang mga sumusunod:

1. Ang pagtindig sa abot ng makakaya sa isinatungkuling saláh, ang saláh naman na náfilah ay hindi kinakailangan ang pagtindig ngunit ang saláh na nakaupo ay may gan-timpalang kalahati ng sa saláh na nakatayo;
2. Ang takbíratul' ihrám;
3. Ang pagbigkas ng Súrah alFátihah sa bawat rak'ah;
4. Ang pagyukod (rukú') sa bawat rak'ah;
5. Ang pagtindig ng tuwid mula sa pagkakayukod;
6. Ang pagpapatirapa sa pitong bahagi ng katawan sa bawat saláh, dalawang ulit sa bawat rak'ah;
7. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa;
8. Ang kapanatagan sa lahat ng mga gawaing nabanggit;
9. Ang pagbigkas ng Huling Tashahhud;
10. Ang pag-upo para sa Huling Tashahhud;
11. Ang panalangin para sa Propeta;
12. Ang pagsasagawa ng taslím;
13. Ang pagkakasunud-sunod.

Ang Sujúdussahw

Ang sujúdussahw ay dalawang sujúd (pagpapatirapa) na isinasagawa bago o matapos magsagawa ng taslím (pagsabi ng *assalámu ‘alaykum wa rahmatu -lláh*) kapag **nagkamali** o **nagdudang nagkamali** sa pagsasagawa ng saláh. Ganito ang pagsasagawa nito: habang nakaupo ay magpatirapa at sabihin ang *subhána rabbiya -l’a‘lá* (3x), iangat ang ulo kasama ng katawan para maupo at sabihin ang *rabbighfir lí warhamní wahdini warzuqni wajburni wa ‘áfini*. Muling magpatirapa at sabihin ang *subhána rabbiya -l’a‘lá wa bihamdih* (3x). Muling iangat ang ulo kasama ng katawan para maupo.

Kapag nagkamali ang Imám, tungkulin ng mga pinamumu-nuan niya na siya ay paalalahanang nagkamali sa pamamagi-tan ng pagsabi ng *subhána -lláh*.

1. Kapag ang isa sa mga wájib sa saláh ay nakaligtaang gawin at naalaala o napaalalahanan na gawin iyon, magsasagawa ng **aujúdussahw bago magsagawa ng taslím**.
2. Kapag ang isa sa mga wájib sa saláh o mga rukn ng saláh ay **nagawa nang labis** at naalaala o napaalalahanan na nagawa iyon, magsasagawa ng sujúdussahw **matapos magsagawa ng taslím at saka muling magsasagawa ng taslím**.
3. Kapag ang isa sa mga rukn ng saláh ay **nakaligtaan** at naa-laala o napaalalahanan na gawin iyon, **kailangang balikan iyon at isagawa** upang maging tanggap ang

saláh at saka magsagawa ng sujúdussahw **bago magsagawa ng taslím.**

4. Kapag nagsagawa ng taslím bago tuluyang nakumpleto ang mga rak‘ah ng saláh at naalaala o naipaalaala nang maaga ang tungkol doon, isasagawa ang nakaligtaang rak‘ah, magsasagawa ng taslím pagkatapos niyon, magsasagawa ng sujúdussahw, at muling magsasagawa ng taslím. Halim-bawa: dalawang rak‘ah pa lamang ng saláh sa ‘asr ang natapos ngunit nagsagawa na ng taslím sa pag-aakalang natapos na ang apat na rak‘ah, kapag naalaala o napaa-lalahanan nang maaga tungkol doon ay isasagawa ang dalawang nakaligtaang rak‘ah, magsasagawa ng taslím matapos niyon, magsasagawa ng sujúdussahw, at muling magsasagawa ng taslím.
5. Kapag nagduda kung ilan ang rak‘ah ng saláh na natapos — halimbawa ay kung dalawa ba o tatlong rak‘ah na ang natapos sa saláh sa dhühr — ang pipiliin ay ang pinakama-babang bilang ng rak‘ah. Kaya batay sa halimbawa natin ay ituturing na dalawang rak‘ah ang natapos. Ipagpapatu-loy ang saláh at magsasagawa ng sujúdussahw bago mag-sagawa ng taslím.
6. Kapag nagduda kung ilan ang rak‘ah ng saláh na nagawa — halimbawa ay kung dalawa ba o tatlong rak‘ah na ang natapos sa saláh sa ishá’— ngunit kung mas matimbang sa palagay na tatlong rak‘ah ang natapos, ituturing na tatlong rak‘ah ang natapos.

Ipagpapatuloy ang pagsasagawa ng saláh. Matapos magsagawa ng taslím ay magsasagawa ng sujúdussahw at muling magsasagawa ng taslím.

Ang Nahuli sa Saláh

Ang rak'ah na isinasagawa ng imám, na naabutan ng isang nahuli sa pagdalo sa saláh sa jamá'ah, ang simula ng rak'ah niya. Naaabutan ang isang rak'ah ng saláh kapag naabutan ang pagyukod sa rak'ah ng saláh kasama ng imám. Subalit kung hindi naabutan kasama ng Imám ang pagyukod sa rak'ah na iyon, hindi na naabutan ang buong rak'ah o yunit ng saláh na iyon. Ang dumating nang huli ay dapat na lumahok sa jamá'ah maging anuman ang posisyon nila — nakatayo o nakayukod o nakapatirapa man sila o maging ano pa man ang ginagawa nila.

Bago sumabay ay isagawa muna ang takbíratul'ih_rám o ang panimulang takbír habang nakatayo maliban na lamang kung may dahilang hindi tumayo gaya ng isang taong may-sakit. Pagkatapos magsagawa ng taslím ng imám ay tumayo at huwag magsagawa ng taslím kung mayroong isang rak'ah o mga rak'ah na hindi naabutan. Halimbawa ay mayroong isang rak'ah na hindi naabutan sa saláh sa dhuhr, pagkatapos magsagawa ng taslím ng imám ay tatayo upang gawin ang isang rak'ah na hindi naabutan sapagkat ang isinagawang saláh kasama ng imám ay tatlong rak'ah lamang.

Ang mga Uri ng Saláh

A. Ang Fard na Saláh

Ang fard na saláh ay saláh na kailangang isagawa at nag-kakasala ang Muslim na hindi nagsagawa nito. Ang bawat mananampalataya ay inaatasan ni Allah na gampanan ang limang obligadong saláh. Ang pag-iwas at hindi pagtupad sa tungkuling magsagawa ng saláh, kahit isa man lamang sa limang obligadong saláh ay isang malaking kasalanan at may katapat na kaparusahan.

B. Ang mga Sunnah Rátibah

Ang sunnah rátibah ay saláh na isinasagawa nang kusang-loob, hindi obligado, at hindi nagkakasala ang hindi nagsa-gawa nito. Ginagawa ito noon ni Propeta Muhammad (SAS) bago o matapos gawin ang fard na saláh. Ang saláh na ito ay tinatawag din na sátibah o nafl. Ginagawa rin ito ng Propeta (SAS) sa mga natatangi at pambihirang pagkakataon. Ang saláh na sunnah ay binubuo ng dalawang rak'ah at ginagawa na tulad ng sa fajr, kaya nga lamang ay hindi binibigkas nang malakas ang Súrah alFátihah at ang mga talata ng Qur'án.

Kung hindi naglalakbay kaibig-ibig para sa bawat Muslim at Muslimah na panatilihin ang pagsagawa ng anim na saláh na sunnah rátibah na binubuo ng dalawang rak'ah: dalawang sunnah rátibah bago isagawa ang saláh sa dhuhr at isang sunnah rátibah pagkatapos nito, isang sunnah rátibah pagkatapos ng saláh sa maghrib, isang sunnah rátibah pagkatapos ng ishá', at isang sunnah rátibah bago isagawa ang saláh sa fajr. Ang mga gawaing

ito ay ginagawa noon ng Propeta (SAS). Sinabi niya (SAS): ***Ang sinumang kusang-loob na nagsasagawa ng labindalawang rak‘ah¹⁹ sa maghapon niya at sa gabi niya, gagawan para sa kanya ng isang bahay sa Paraiso.***

Itinatagubilin din sa lahat ng Muslim na isagawa ang isa pang sunnah rátibah na kung tawagin ay witr na ang takdang oras ay nasa pagitan ng pagkatapos ng pagsasagawa ng saláh sa ‘ishá’ hanggang sa bago sumapit ang fajr. Ang witr at ang sunnah rátibah bago ang fajr ay ilan sa mga sunnah rátibah na hindi kinaliligtaang isagawa ng Propeta (SAS) maging siya man ay naglalakbay o hindi. Ang saláh na witr ay isang saláh na hiwalay sa ibang saláh. Ito ay maaaring gawin sa anumang oras pagkatapos ng ‘ishá’ hanggang sa pagsapit ng bukung-liwayway. Maaaring ito ay isang rak‘ah lamang subalit maaari ring **3** o **5** o **7** o **9** rak‘ah. Ang lahat ng bilang na ito ay sinang-ayunan ni Propeta Muhammad (SAS) gaya ng isinasaad ng mga Hadíth.

C. Ang Saláh sa Jumu‘ah

Ang saláh sa jumu‘ah ay binubuo ng dalawang rak‘ah na pinangungunahan ng isang imám at idinadaos sa masjid tuwing Biyernes, sa oras ng dhuhr pagkatapos ng khuṭbah. Sa sandaling mag-umpisa na ang khuṭbah, ang lahat ay kailangang makinig nang tahimik. Kung dumating nang

¹⁹ Ang ibig niyang sabihin ay anim na saláh na binubuo ng tigdadalawang rak‘ah.

huli sa masjid, at ang naa-butan ay isang rak‘ah na lamang, kailangang kumpletuhin ang natitirang rak‘ah. Kung huling-huli na nang dumating at hindi na naabutan ang ikalawang pagyukod o ang saláh sa jumu‘ah mismo, kailangang magsasagawa na lamang ng saláh sa dhuhr na binubuo ng apat na rak‘ah. Ang saláh sa jumu‘ah ay kapalit ng dhuhr, kaya nga lamang ay binibigkas nang malakas ng imám ang Súrah alFátihah at ang mga talata ng Qur‘án.

D. Ang Saláh ng Musáfir

Ang tao ay itinuturing na musáfir kung siya ay pumunta sa isang lugar na ang layo sa kanyang tirahan ay hindi bababa sa 80 kilometro. Ipinahihintulot at itinatagubilin sa kanya na paikliin ang saláh niya na apatang rak‘ah: ang dhuhr, ‘asr, at ishá’. Maaari ring pagsamahin ang dhuhr at ang ‘asr, ang maghrib at ang ‘ishá’, kung talagang kailangan. Subalit kung hindi naman talagang kailangan at hindi rin makabibigat sa paglalakbay, higit na mabuting huwag na lamang pagsamahin ang mga saláh. Kung ang musáfir ay imám ng saláh, lalong mainam na paikliin niya ang saláh niya. Gayundin ang dapat gawin ng mga taong pinangungunahan niya sa saláh na mga musáfir ding tulad niya, paikliin din nila ang saláh nila. Ang mga dumadalo naman sa saláh na mga hindi musáfir ay tatayo pagkatapos magsagawa ang Imám ng taslím at magpapatuloy upang kumpletuhin ang mga natitirang rak‘ah.

Kung ang musáfir ay dumalo sa saláh na ang imám ay hindi musáfir, hindi niya maaaring paikliin ang saláh niya, at kai-langang sumabay siya sa saláh nila. Kung nais niyang tumigil pansamantala nang hindi hihigit sa tatlong araw at tatlong gabi sa ibang bayan na ang layo mula sa bayan niya ay 80 kilometro o higit pa, maaari rin niyang paikliin at pagsamahin ang mga saláh. Subalit kung naririnig niya ang adhán sa masjid na malapit sa kanya sa bayang iyon, kailangang isagawa niya ang saláh sa masjid.

Kung hindi tiyak ng isang musáfir kung ilang araw siyang mamamalagi sa ibang bayan, maaari niyang paikliin ang saláh niya hanggang hindi siya nakabalik sa bayan niya. Higit na mabuting hindi na rin niya gawin ang mga Sunnah na saláh, na ginagawa bago o matapos ang bawat obligadong saláh, maliban sa dalawang rak'ah na sunnah, na ginagawa bago isagawa ang fajr. Ang saláh na witr ay dapat ding gawin kahit naglalakbay sapagkat ginagawa ito noon ng Propeta (SAS) kapag siya ay naglalakbay.

Ang Pagsasama at ang Pagpapaikli ng mga Saláh

Tulad ng nabanggit, maaaring pagsamahin ang mga saláh. May dalawang uri ng pagsasama ng saláh: ang taqdim at ang ta'khír. Isinasagawa ang taqdim (pagpapauna) sa pamamagi-tan ng kaagad na pagsasagawa ng 'asr pagkatapos ng dhuhr sa oras ng

dhuhr at ng ishá' pagkatapos ng maghrib sa oras ng maghrib. Isinasagawa ang ta'khír (pagpapaliban) sa pamama-gitan ng pagpapaliban sa pagsasagawa ng dhuhr upang isa-gawa sa oras ng 'asr bago isagawa ang 'asr at pagpapaliban ng pagsasagawa ng maghrib upang isagawa sa oras ng ishá' bago isagawa ang ishá'. Ang pagsasama ng saláh ay karani-wang ginagawa kapag may-ulan at mahirap ang pagpunta sa masjid. Pinagsasama rin ang mga saláh kapag maglalakbay ang isang musáfir at maaari pa itong paikliin.

Ang pagpapaikli ng saláh ay ginagawa lamang kapag ang isinasagawang saláh ay ang saláh ng musáfir na ating tinala-kay. Ang pinaikling anyo ng dhuhr, 'asr, at ishá' ay binubuo ng tigdadalawang rak'ah. Ang maghrib ay hindi maaaring paikliin. Ang fajr ay hindi rin maaaring paikliin o isama sa alin mang saláh ni ipagpaliban kapag oras nang gawin ito.

Ang Pagsasagawa ng Tahárah ng May-sakit

1. Ang taong may-sakit ay obligado pa ring magsagawa wudú' o ghusl kung kinakailangan.
2. Kung hindi maaaring gumamit ng tubig sanhi ng kahinaan o pangamba na baka lumala o maantala ang paggaling ng sakit, maaaring magsagawa ng tayammum.
3. Kung hindi kaya ng may-sakit na magsagawa ng tahárah, maaaring ang ibang tao ang magsagawa para sa kanya ng wudú' o tayammum.

4. Kailangang hugasan pa rin ang bahagi ng katawan na may sugat kung ang bahaging iyon ay kinakailangang hugasan. Subalit kung ang paghuhugas sa bahaging iyon ay maka-sasama sa isang may-sakit, kailangang haplusin na lamang iyon ng basang kamay. Kung ang paghahaplos sa bahaging iyon ay makasasama pa rin, kailangang magsagawa ng wudú' na gaya ng sa karaniwan pero hindi na huhugasan o hahaplusin ng basang kamay ang bahaging iyon. Pagka-tapos magsagawa ng wudú', kailangang magsagawa pa ng tayammum.
5. Kapag magsasagawa ng wudú' ang benda ng pilay o sugat ay kailangang haplusin lamang ng basang kamay sa halip na hugasan.
6. Ang katawan o mga kasuutan o lugar na pagdarasalan ay kailangang malinis at walang najásah. Kung ang alin man sa mga nabanggit ay nagkaroon ng najásah, kailangang lini-sin ito bago magsagawa ng saláh. Kung hindi kayang lini-sin o alisin ang najásah, maaari pa ring magsagawa ng saláh.
7. Ang saláh ay dapat gawin sa takdang oras nito at hindi dapat ipagpaliban dahil lamang sa hindi makapagsagawa ng wudú'. Sa halip, dapat pang sikapin na magsagawa ng wudú' sa abot ng makakaya. Kahit na may najásah pa sa damit na hindi maalis, kailangang magsagawa rin ng saláh.

Ang Pagsasagawa ng Saláh ng May-sakit

1. Dapat magsagawa ng saláh ang may-sakit nang nakatayo, kahit pa nakabaluktot ang likod o nakasandal sa dingding o nakahawak sa tungkod.
2. Kung hindi kayang tumayo, maaaring magsagawa ng saláh nang nakaupo.
3. Kung hindi kayang magsagawa ng saláh na nakaupo, maa-arang magsagawa ng saláh na nakahiga na nakatagilid at nakaharap sa Qiblah. Lalong mainam kung ang kanang tagiliran ng katawan ang nakalapat sa higaan o lapag. Kung hindi magawang humarap sa Qiblah, maaari pa ring mag-sagawa ng saláh kahit saan man nakaharap.
4. Kailangang magsagawa ng pagyukod at pagpapatirapa ang may-sakit kapag nagsasagawa ng saláh. Subalit kung hindi kayang magsagawa ng pagyukod at pagpapatirapa, iyuyuko na lamang ang ulo bilang tanda ng pagyukod at pagpapa-tirapa. Ang pagyuko ng ulo bilang tanda ng pagpapatirapa ay kailangang higit na mababa kaysa pagyuko ng ulo bilang tanda ng pagyukod. Kung kayang magpatirapa ngunit hindi kayang yumukod, magpapatirapa para sa pagpapatirapa at iyuyuko naman ang ulo bilang tanda ng pagyukod. Kung kayang yumukod ngunit hindi kayang magpatirapa, yuyu-kod para sa yukod at iyuyuko naman ang ulo bilang tanda ng pagpapatirapa.
5. Kung hindi kayang iyuko ang ulo bilang tanda ng pagyukod at pagpapatirapa, maaaring ipahiwatig iyon

- sa pamamagi-tan ng mata. Pipikit nang bahagya bilang tanda ng pagyu-kod at pipikit nang higit pa bilang tanda naman ng pagpa-patirapa. Ang pagpapahiwatig sa pamamagitan ng daliri bilang tanda ng pagyukod at pagpapatirapa ay walang bata-yan sa Islam.
6. Kung hindi kayang iyuko ang ulo o ipikit ang mata bilang tanda ng pagpapatirapa at pagyukod, kailangang magsa-gawa ng saláh sa pamamagitan ng isipan. Bibigkasin ang *Alláhu akbar*, at ang mga kinakailangang bigkasin, at isa-saisip naman ang mga kilos at gawain sa saláh gaya ng pag-papatirapa, pagyukod, at iba pa.
 7. Kailangang isagawa ng may-sakit ang bawat saláh sa tak-dang oras at kailangan ding gawin sa abot ng makakaya ang mga kailangang gawin sa saláh. Subalit kung mahirap gawin ang bawat saláh sa takdang oras nito, maaaring pag-samahin ang dhuhr at ‘asr, at ang maghrib at ishá’. Maaa-ring gawin ang taqdíim o ang ta’khír.

Ang Saláh sa Janázah

Ang saláh sa janázah o dasal para sa patay ay ang saláh na isinasagawa para sa isang yumaong Muslim. Karapatan ng isang Muslim, kapag namatay siya, na dasalan ng ibang mga Muslim. Kailangang isagawa ang saláh sa janázah sa isang jamá‘ah sapagkat higit na malaki ang gantimpalang tatamuhin buhat kay Alláh

kapag ginawa ito. Maaari rin itong isagawa sa iba't-ibang jamá'ah. Ang bawat kongregasyon ay narara-pat na binubuo ng pangkat ng mga taong iba kaysa sa ibang jamá'ah. Ang bangkay ay ilalagay nang pahalang sa Qiblah, sa harap ng Imám. Ang Imám ay tatayo sa gilid ng bangkay, sa tabi ng ulo at balikat kung ang patay ay isang lalaki; at sa tabi ng baywang kung ang patay ay isang babae. Ang mga taong nagsisidaló naman ay nakatayong lahat sa likuran ng imám. Ang saláh sa janázah ay ginagawa nang nakatayo mula sa umpisa hanggang sa katapusan.

Ang Pagsasagawa ng Saláh sa Janázah

1. Sabihin ang *Alláhu akbar* habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, ipantay sa balikat o tainga, at agad na ilagay sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.
2. Bigkasin ang Súrah alFátihah.
3. Pagkatapos ng Súrah alFátihah, muling bigkasin ang *Alláhu akbar* habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, ipan-tay sa balikat o tainga, at kaagad na ilagay muli sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.
4. Bigkasin nang tahimik ang sumusunod:
Alláhumma salli 'alá muhammadin wa 'alá 'áli muham-mad, kamá sallyta 'alá ibrahíma wa 'alá 'áli ibrahím, innaka hamídum majíd, wa bárík 'alá muhammadin wa 'alá 'áli muhammad, kamá bárakta

‘alá ibrahíma wa ‘alá áli ibrahím, innaka hamídum majíd.

اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ، وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ،
إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ، اللَّهُمَّ بَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ، وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ،
وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

5. Pagkatapos nito, muling sabihin ang *Alláhu akbar* habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, ipantay sa balikat o tainga, at kaagad na ilagay muli sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.

6. Bigkasin ang panalangin ito:

Alláhumma -ghfir lih^hayyíná wa mayyitiná, wa sháhidiná wa ghá'ibiná, wa saghíriná wa kabíriná, wa dhakaríná wa untháná. Alláhumma man ahyaytahu minná fa ahyihí ‘ala -l’islám, wa man tawaffaytahu minná fatawaffahu ‘ala -l’ímán. Alláhumma lá tahrímná ajrahu wa lá tudíllaná ba‘dah.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِحَيَاتِنَا وَمَيِّتِنَا، وَشَاهِدِنَا وَعَائِنَا، وَصَغِيرِنَا وَكَبِيرِنَا، وَذَكَرْنَا وَأُنْثَانَا.
اللَّهُمَّ مَنْ أَحْيَيْتَهُ مِنَّا فَأَحْيِهِ عَلَى الْإِسْلَامِ، وَمَنْ تَوَفَّيْتَهُ مِنَّا فَتَوَفَّهُ عَلَى الْإِيمَانِ.
اللَّهُمَّ لَا تَحْرِمْنَا أَجْرَهُ وَلَا تُضِلَّنَا بَعْدَهُ.

O Alláh, patawarin Mo ang nabubuhay pa sa amin at ang namatay na sa amin, ang naririto ngayon sa amin at ang wala ngayon sa amin, ang bata sa amin at ang matatanda sa amin, ang lalaki sa amin at ang babae sa amin. O Alláh, ang hinayaan Mo pang mabuhay sa

amin ay pamuhayin Mo siya sa Islam. Ang babawian Mo sa amin ng buhay ay bawian Mo po ng buhay na may pananampalataya. O Alláh, huwag Mong ipagkait sa amin ang gantimpala *dahil sa pagkamatay* niya at huwag Mo kaming iligaw ngayong wala na siya.

7. Pagkatapos ng panalanging ito, muling bigkasin ang **Alláhu akbar** habang itinataas ang mga kamay na nakabukas, ipantay sa balikat o tainga, at ilagay muli sa dibdib na nakapatong ang kanan sa kaliwa.
8. Manatiling tahimik sa loob ng ilang segundo.
9. Ilingon ang mukha sa kanan habang binibigkas ang *assalámu ‘alaykum wa rah̄matulláh*.

Ang mga Kahulugan ng mga Panalangin

- **Alláhu akbar:**
Si Alláh ay Pinakadakila.
- **Subhánaka -lláhumma wa biḥamdika wa tabáraka -smuka wa ta‘úlá jadduka wa lá iláha ghayruk:**
Kaluwalhatian sa Iyo, o Alláh, at papuri sa Iyo. Mapagpala ang pangalan Mo, kataastaasan ang kabunyian Mo at walang Diyos maliban sa Iyo.
- **A‘údhū bi-lláhi mina -shshaytáni -rrajím:**
Nagpapakupkop ako kay Alláh laban sa Demonyong isi-numpa.

- **Ang kahulugan ng Súrah alFátihah:**
 1. Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Maawain.
 2. Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang,
 3. ang Napakamaawain, ang Maawain,
 4. ang May-ari ng Araw ng Paggantimpala.
 5. Sa Iyo *lamang* kami sumasamba at sa Iyo *lamang* kami nagpapatulong.
 6. Patnubayan Mo kami sa tuwid na landasin:
 7. ang landasin ng mga biniyayaan Mo, hindi ng mga kina-galitan, at hindi ng mga naliligaw. (Ámín)
- ***Subhána rabbiya -l'adhím:***

Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakadakila.
- ***Sami'a -lláhu liman hamidah:***

Dininig ni Alláh ang sinumang pumuri sa Kanya.
- ***Rabbaná wa laka -lhamd, mil'a -ssamáwáti wa mil'a -l'ardí wa mil'a má shi'ta min shay'im ba'd.***

Panginoon namin, ukol na makapupuno ng mga langit, makapupuno ng lupa at makapupuno ng anumang bagay na niloob Mo pagkatapos.
- ***Subhána rabbiya -l'a'lá:***

Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Kataas-taasan.
- ***Rabbi -ghfir lí wa -rhamní wa -hdiní warzuqní wa -jburní wa 'áfíní:***

Panginoon ko, patawarin Mo ako, kaawaan Mo ako, pat-nubayan Mo ako, tustusan Mo ako, pariwasain Mo ako, at palusugin Mo ako.

- **Ang kahulugan ng Unang Tashahhud:**
Ang mga pagbati ay ukol kay Allah, at ang mga dasal at ang mga mabuting gawa. Ang kapayapaan ay sa iyo, o Propeta, at ang awa ni Allah at ang mga biyaya Niya. Ang kapayapaan ay sa amin at sa mga matuwid na lingkod ni Allah. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.
- **Ang kahulugan ng Ikalawang Tashahhud:**
O Allah, basbasan Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagbasbas Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwal-hati. O Allah, pagpalain Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pag-durusa sa libingan, laban sa pagdu-rusa sa Apoy, laban sa tukso ng buhay at kamatayan, at laban sa tukso ng Bulaang Kristo.
- ***Assalámu ‘alaykum wa rah̄matu -lláh:***
Ang kapayapaann ay sumainyo at ang awa ni Alláh.